

Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Residente sa 2021 -Pangkalahatang Ideya ng Survey-

Layunin ng Survey

- Isinagawa ang survey upang matukoy ang mga kalagayan ng mga dayuhang residente at mga isyu na kanilang kinakaharap sa propesyonal, pang-araw-araw, at panlipunang konteksto nang tumpak hangga't maaari, bilang bahagi ng mga pagsisikap para planuhin at balangkasin ang mga patakaran upang mapadali ang pagsasama kasama ang mga dayuhang residente.
 - Ito ang pangalawang survey ng uri nito, kasunod ng inaugural survey na isinagawa noong FY2020.
 - Ang desisyon ay ginawa upang idaos ang "2021 Expert Committee Meeting para sa Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Residente" upang palawakin ang saklaw ng survey, at ang mga eksperto na pamilyar sa mga patakaran sa asimilasyon ay inimitahan na lumahok sa pagtukoy ng mga item ng survey at pagsama-sama ng mga resulta ng survey. Nilalayan ng komite na gamitin ang kadalubhasaan, mataas na antas ng insight at pananaw sa malaking larawan sa pagtukoy ng mga nauugnay na mga item ng survey at pagsama-sama ng mga resulta ng survey.
- ⇒ Gagamitin ng gobyerno ang mga resulta ng survey para tumulong sa pagplano, pagbalangkas, at pagpapatupad ng mga hakbang sa pagsasama para sa mga dayuhang residente upang mapahusay ang **"Roadmap para sa Foreigner-Friendly na Lipunan"** at **"Mga Komprehensibong Hakbang para sa Pagtanggap at Pagsasama Kasama ang mga Dayuhang Residente"** bilang bahagi ng mga pagsisikap upang makamit ng lipunan na pagsama-samahin ang lahat ng mga dayuhang residente nang matiwasay.



Pangkalahatang Ideya ng Survey

Target Respondent ng Survey	<ul style="list-style-type: none"> ■ 40,000 na mid hanggang pangmatagalang residente at espesyal na permanenteng residente na higit sa edad na 18 sa kabuuan. * Ang mga taong pisikal na naroroon sa bansa nang hindi bababa sa isang taon mula ng kanilang huling landing permit sa Enero 17, 2022. * Ang mga respondent ay random na pinili nang isinasaisip ang sample size, ayon sa nasyonalidad/rehiyon at katayuan ng paninirahan, na natukoy sa pagsangguni sa istatistika ng mga dayuhang residente (sa Hunyo 30, 2021).
Bilang ng mga wastong tugon	<ul style="list-style-type: none"> ■ Bilang ng mga kopyang ipinadala: 40,000 (1,572 ay hindi mahatid) at kabuuang 7,982 na wastong tugon ang natanggap. Ang porsyento ng tugon ay 20.8%.
Paraan ng survey	<ul style="list-style-type: none"> ■ Web-based na survey (isang liham na humihiling ng kooperasyon at may kasamang QR code ang ipinadala sa mga target recipients, at hiniling sa kanila na i-scan ang QR code at tumugon sa online na talatanungan). ■ Ang mga tugon ay makikita sa walong wika (simplified Japanese, English, Chinese, Korean, Portuguese, Vietnamese, Filipino, at Nepali).
Mga item ng survey	<ul style="list-style-type: none"> ■ Target ng survey ang mga isyung nakaharap ng mga dayuhang residente sa kanilang propesyonal, pang-araw-araw, at panlipunang pamumuhay. Pag-aaral ng Japanese, pagkuha ng impormasyon at konsultasyon, medikal na pangangalaga, pagtugon sa sakuna at emerhensiya (partikular sa konteksto ng COVID-19), pabahay, pangangalaga at edukasyon ng bata, trabaho, social insurance, atbp. ■ Ang mga tanong na kapareho ng mga nasa "2021 Community Life Survey (Cabinet Secretariat)" (ipinadala sa 20,000 indibidwal na nasa edad 16 o higit pa sa buong bansa) ay tinanong upang sukatin ang kasalukuyang antas ng kalungkutan sa mga dayuhang residente sa Japan.
Panahon ng survey	<ul style="list-style-type: none"> ■ Pebrero 18, 2022 – Marso 3, 2022
Mga puntong dapat tandaan	<ul style="list-style-type: none"> ■ Bagama't ang mga resulta ng survey na ito ay pinagsama-sama at nai-post at nang natanggap ang mga ito bilang tugon sa talatanungan, ang limitadong bilang ng mga tugon para sa ilang mga tanong ay nangangahulugan na kailangan ng pag-iingat sa pag-interpret ng mga ito.


Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Residente sa FY2021 – Mga Pangunahing Resulta (1) (Mga Katangian at Satispaksyon sa Pangkabuuang Kapaligirang Kinabubuhayan ng Respondent)

- Ang karamihan ng mga respondent, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay nagmula sa China (28.8%), Vietnam (16.4%), at Brazil (11.5%).
- Ang katayuan ng paninirahan ng mga respondent, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “Permanenteng residente” (29.0%), “Teknikal/Humanities/Internasyonal na Serbisyo” (14.4%), at “Teknikal na intern” (12.1%).
- Ang porsyento ng mga nagpahayag na sila ay nasisiyahan sa pamumuhay sa Japan (alinman sa “Nasisiyahan” o “Sa halip ay nasisiyahan”) ay 87.8% (tumaas ng 4.2 puntos mula sa 2020 survey). Ang antas ng kasanayan sa Japanese ay positibong nauugnay sa porsyento ng mga respondent na nasisiyahan sa kanilang pamumuhay sa Japan.



Katangian ng mga respondent




Satispaksyon sa pangkabuuang kapaligirang kinabubuhayan



Katayuan ng paninirahan



Antas ng kasanayan sa Japanese (pagsasalita/pakikingig)




15.2 pt


Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Residente sa FY2021 – Mga Pangunahing Resulta (2) (Oryentasyon para sa pag-aaral ng Japanese at pang-araw-araw na pamumuhay)

- Ang pinakakaraniwang binanggit na isyu tungkol sa pag-aaral ng Japanese ay “Malaki ang gastos sa paggamit at pagkuha ng klase ng wikang Hapon o language school” (15.0%) (bumaba ng 8.3 puntos mula sa FY2020 survey).
- Para sa mga may mababang kakayahan sa Japanese (“Halos hindi ako makapagsalita gamit ang wikang Hapon” at “Nagagawa ko ang mga basikong pagbati”), ang pangunahing binanggit na isyu ng mga respondent ay “Hindi ako nag-aaral ng wikang Hapon,” at ang porsyento ng mga pumili ng “Walang libreng klase ng wikang Hapon sa malapit” ay lumampas sa kabuuan.
- 35.6% sa kabuuan ng lahat ng mga respondent ang nagsabi na Nakatanggap ng oryentasyon at gabay na kailangan para sa pamumuhay sa Japan (para sa pang-araw-araw na pamumuhay).
- Binanggit ng mga respondent ang “Buwis” (57.1%), “Pension, social insurance” (56.9%), at “Pagpapagamot, welfare” (54.5%) bilang nangungunang mga bagay na dapat ay pamilyar upang maiwasan ang mga problema sa pamumuhay sa Japan.

Mga problema sa pag-aaral ng Japanese




Oryentasyon sa pang-araw-araw na pamumuhay



Antas ng kasanayan sa Japanese (kinuhang)

	Halos hindi ako makapagsalita gamit ang wikang Hapon (n=256)	Nagagawa ko ang mga basikong pagbati (n=1,157)
[1]	Walang libreng klase ng wikang Hapon sa malapit (16.0%)	Walang libreng klase ng wikang Hapon sa malapit (18.2%)
[2]	Walang klase ng wikang Hapon o language school na magagamit sa convenient na oras (15.2%)	Walang klase ng wikang Hapon o language school na magagamit sa convenient na oras (16.9%)
(Sanggunian)	Hindi ako nag-aaral ng wikang Hapon (36.3%)	Hindi ako nag-aaral ng wikang Hapon (23.2%)

Opinyon sa impormasyong kailangan para maiwasan ang mga isyu sa Japan * Top 5 na mga tugon



Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Residente sa FY2021 – Mga Pangunahing Resulta (3) (Pagkuha ng impormasyon/konsultasyon) -

- Ang nangungunang tugon na ibinigay para sa (online) na paraan ng komunikasyon para sa pagkuha ng impormasyon at konsultasyon ay “Koneksyon sa internet na may bayad” (pribadong kontrata) mula 88.6% ng mga respondent ngunit 5.7% lamang ang gumamit ng “Libreng koneksyon sa internet” (hal. Wi-Fi sa pampublikong lugar)”.
- Ang pinakakaraniwang pinagmumulan ng pampublikong impormasyon ay “Telebisyon, radyo, dyaryo, magasin sa wikang Hapon” (47.9%).
- Ang pinakakaraniwang binanggit na isyu tungkol sa pag-access ng pampublikong impormasyon ay “Kaunti lamang ang pinapadalang impormasyon sa iba’t ibang wika ” (34.1%) (tumaas ng 0.3 puntos mula sa FY2020 survey).
- Ang pinakakaraniwang isyung nakaharap kapag kumukonsulta sa mga pampublikong institusyon ay “Hindi ko alam kung saan ako kukonsulta” (31.5%). Mahigit 40% ng mga nasa kategoriyang “Teknikal na intern” at “Overseas na estudyante” ang nagbigay ng tugon na ito.


Pagkuha ng impormasyon

(Online) Paraan ng komunikasyon para sa pagkuha ng impormasyon at konsultasyon


	Koneksyon sa internet na may bayad (pribadong kontrata sa provider)	Libreng koneksyon sa internet (hal. Wi-Fi sa pampublikong lugar)	Koneksyon sa internet na may bayad (hal. Internet cafes)	Iba pa	Hindi ako gumagamit nito
n=7,982	88.6%	12.0% (Note)	3.3%	1.0%	3.5%

(Note) 5.7% ng mga respondent ay walang internet access maliban sa “Libreng koneksyon sa internet.”

Pinagmumulan ng pampublikong impormasyon * Top 7 na mga tugon




Mga isyu kapag kumukuha ng impormasyon sa mga pampublikong institusyon



* Mga item na ang data ay wala sa FY2020 survey ay bagong idinagdag sa FY2021 survey.

Mga isyu kapag kumukonsulta sa pampublikong institusyon



* Mga item na ang data ay wala sa 2020 survey ay bagong idinagdag sa 2021 survey.


Ayon sa katayuan ng paninirahan (kinuhang)

	Teknikal na intern (n=965)	Overseas na estudyante (n=848)
1位	Hindi ko alam kung saan ako kukonsulta (40.5%) PY survey +2.3pt	Hindi ko alam kung saan ako kukonsulta(40.9%) PY survey +4.6pt
2位	Kailangan kong mag-absent sa trabaho, paaralan atbp. upang kumonsulta (20.0%)	Kailangan kong mag-absent sa trabaho, paaralan atbp. upang kumonsulta (27.5%)
3位	Walang tagasalin o kaunti lamang ang mga ito (19.7%)	Walang tagasalin o kaunti lamang ang mga ito (21.9%)


Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Residente sa FY2021 - Mga Pangunahing Resulta (4) (Mga yugto ng buhay/mga siklo ng buhay (1))

- Ang numero unong alalahanin tungkol sa pagbubuntis at panganganak ay ang “Mahal ang gastos para sa pagbubuntis o panganganak” (7.5%).
- Ang numero unong isyu sa pagpapalaki ng bata ay “Hindi sapat na maintindihan ng aking anak ang kanyang katutubong wika o kultura” (22.1%).
- Para naman sa pagpasok ng mga bata sa paaralan, 2.8% ng mga batang edad 6 hanggang 15 ay “Hindi pumapasok ng paaralan” na may pinakakaraniwang na dahilan na binanggit ng mga magulang na “Dahil walang balak na tumira nang matagal sa Japan” (43.1%). Sa mga edad 16 hanggang 18, para sa 6.6% na “Hindi dumadalo sa paaralan,” ang pinakakaraniwang na dahilan na binigay (maliban sa “iba pa”) ay “Dahil nagtatrabaho ” (18.5%).

Mga isyu sa pagbubuntis at panganganak * Top 5 na mga tugon




Mga isyu sa pagiging magulang * Top 5 na mga tugon




Katayuan sa pag-enroll ng mga bata sa paaralan

Edad 6 hanggang 15



Edad 16 hanggang 18




Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Residente sa FY2021 – Mga Pangunahing Resulta (5) (Mga yugto ng buhay/mga siklo ng buhay (2))

- Ang madalas na binanggit na isyung nauugnay sa trabaho, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “Hindi sapat na Mababa ang suweldo” (35.6%), “Hindi kanais-nais na pagtrato kumpara sa mga Hapon pagdating sa recruitment, assignment at promotion” (12.6%), at “Mahirap kumuha ng dayoff” (11.9%) (lahat ay tumaas kumpara sa sa FY2020 survey).
- Para sa sistema ng pensyon at sistema ng long-term care insurance, ang madalas na binanggit na isyu ng higit sa 40% ng mga respondent ay “Hindi ko alam ang detalye ng nilalaman ng sistema.” Para sa ilang mga respondent, nahirapan sila sa mga pamamaraan at iba pang konsultasyon.

Mga isyung nauugnay sa trabaho


0% 10% 20% 30% 40%



Mga isyu sa pensyon at long-term care insurance


Sistema ng pensyon

0% 10% 20% 30% 40% 50%



Sistema ng long-term-care insurance

0% 10% 20% 30% 40% 50%



Mga isyu sa konsultasyon

Mga isyu sa konsultasyon

Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Residente sa FY2021 – Mga Pangunahing Resulta (6) (Mga yugto ng buhay/mga siklo ng buhay (3)) -6

- Ang pinakakaraniwang isyu sa pagtanggap ng medikal na pangangalaga sa ospital ay “Hindi ko alam saang ospital ang mabuting pupuntahan” (22.8%). Higit sa 40% ng mga overseas na estudyante ang nagbigay ng sagot na ito.
- Ang pinakakaraniwang binanggit na isyu kapag naghahanap ng pabahay ay “Malaking pera ang kailangan para sa upa at kontrata” (19.2%), “Tinanggihang ako dahil sa nasyonalidad ko, atbp” (16.9%), at “Hindi nakahanap ng guarantor” (15.1%). Sa partikular sa mga “Overseas na estudyante” at mga “Teknikal/Humanities/Intenasyonal na serbisyo,” ang mga sagot na ito ay mas mataas nang higit sa 10 puntos kaysa sa kabuuang score.
- Para sa top na mga tugon naibinigay kagapng tinanong ang tungkol sa mga isyung nauugnay sa epekto ng COVID-19 pandemic, maraming mga respondent (36.5%) ang binanggit ang “Hindi ako makauwi sa aking bansa dahil sa restriksyon sa paglabas at pagpasok sa bansa (hindi makapunta sa ibang” at “Nabawasan o nawalan ako ng trabaho, o klase” (34.0%).

Mga isyu kapag tumatanggap ng medikal na pangangalaga sa ospital

Mga isyu sa paghahanap ng pabahay

	Kabuuan (n=7,982)	Overseas na estudyante (n=848)	Dependyente (n=504)
[1]	Hindi ko alam saang ospital ang mabuting pupuntahan (22.8%)	Hindi ko alam saang ospital ang mabuting pupuntahan(40.3%)	Hindi ko nasabi ng eksakto ang aking mga sintomas sa ospital (35.7%)
[2]	Hindi ko nasabi ng eksakto ang aking mga sintomas sa ospital(21.8%)	Hindi ko nasabi ng eksakto ang aking mga sintomas sa ospital(29.1%)	Hindi ko alam saang ospital ang mabuting pupuntahan (33.1%)
[3]	Hindi ako nakapagsalita ng maayos sa reception ng ospital (16.1%)	Hindi ako nakapagsalita ng maayos sa reception ng ospital (20.5%)	Hindi ako nakapagsalita ng maayos sa reception ng ospital (26.6%)

	Kabuuan (n=7,982)	Overseas na estudyante (n=848)	Teknikal/Humanities/Internasyonal na Serbisyo (n=1,150)
[1]	Malaking pera ang kailangan para sa upa at kontrata (19.2%)	Malaking pera ang kailangan para sa upa at kontrata (39.4%)	Malaking pera ang kailangan para sa upa at kontrata(32.7%)
[2]	Tinanggihang ako dahil sa nasyonalidad ko, atbp(16.9%)	Hindi nakahanap ng guarantor (32.5%)	Tinanggihang ako dahil sa nasyonalidad ko, atbp (32.3%)
[3]	Hindi nakahanap ng guarantor (15.1%)	Tinanggihang ako dahil sa nasyonalidad ko, atbp (32.1%)	Hindi nakahanap ng guarantor (29.8%)

* Ang mga resulta na kapansin-pansin sa mga partikular na katayuan ng panirahan
 * Ang mga pulang item ay mas mataas nang hindi bababa sa 10 puntos kaysa sa kabuuan

* Ang mga resulta na kapansin-pansin sa mga partikular na katayuan ng panirahan
 * Ang mga pulang item ay mas mataas nang hindi bababa sa 10 puntos kaysa sa kabuuan

Mga isyu kapag may sakuna at epekto ng COVID-19 pandemic

(n=7,982)

	Mga isyu sa sakuna	Epekto ng COVID-19 pandemic		
		Pagkuha ng impormasyon	Pagbabakuna	Mga isyu sa praktikal na pamumuhay
[1]	Hindi ko alam saan mabuting makakuha ng maaasahang impormasyon(12.2%)	Hindi ko alam saan mabuting makakuha ng maaasahang impormasyon(18.3%)	Hindi ko mabasa ang website ng ahensya ng gobyerno o website para sa reserbasyon (4.5%)	Hindi ako makauwi sa aking bansa dahil sa restriksyon sa paglabas at pagpasok sa bansa (hindi makapunta sa ibang bansa) (36.5%)
[2]	Hindi ko alam saan ang evacuation shelter (10.5%)	Matagal bago makakuha ng impormasyon (10.1%)	Hindi ko makakausap ang staff kapag magpapareserba ako (3.9%)	Nabawasan o nawalan ako ng trabaho (kita), o klase (34.0%)
[3]	Ang mga impormasyong tungkol sa paglikas tulad ng mga babala at advisory ay hindi na isyu sa iba't-ibang wika, kaya hindi ko naintindihan(10.3%)	Hindi ko alam dahil hindi ito pinapadala sa iba't ibang wika (10.0%)	Hindi ko mabasa ang gabay na ipinadala sa bahay (3.8%)	Dumami ang aking mga gastusin (29.9%)

Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Residente sa FY2021 - Mga Pangunahing Resulta (7) (Pakikilahok sa lipunan, diskriminasyon, iba pa) -

- Para sa kasalukuyang antas ng pakikilahok sa lipunan, ang karamihan sa mga respondent (39.9%) ay sumagot na “Dahilan kung gusto mong makilahok, ngunit hindi pa nakilahok.” Ang pinakakaraniwang dahilan na binigay ng higit sa 60% mga respondent ay “Hindi ko alam kung anong klase ng aktibidad ang ginagawa.”
- Diskriminasyon ang madalas makaharap “Noong naghahanap ng paninirahan” (20.6%), at ang pinakakaraniwang kahilingan bilang tugon sa diskriminasyon ay “Dagdagan ang mga pagkakataon upang magkahalubilo ang mga dayuhan at Hapon” (47.6%).
- Ang porsyento ng mga respondent na binanggit ang kalungkutan ay “Madalas o palagi” ay 6.7% (↔ 4.5% sa “2021 Community Life Survey (Cabinet Secretariat)” (ipinadala sa 20,000 indibidwal na edad 16 o higit pa sa buong bansa)). Kapag nilimita sa mga “,” ang porsyento ay higit sa dalawang beses na mas mataas (14.8%).
- Ang pinakakaraniwang kahilingan para sa suporta ay “Sasabihin ang naaangkop na lugar kung saan dapat kumonsulta ” mula sa 48.0% ng mga respondent.

